CCNC-SJ

Labanan ang Kapootang Panlahi sa Canada!

Para sa mga Mag-aaral na Grado 4 at Pataas

Itinanghal ng Chinese Canadian National Council - For Social Justice (CCNC-SJ)

Ang poster na ito ay bahagi ng isang serye upang matulungan ang mga mag-aaral na malaman ang tungkol sa kapootang panlahi sa Canada at kung paano ito lalabanan sa kanilang mga komunidad! Ang serye ng pag-aaral na ito ay mayroong 6 na poster at 6 na video. Kung makakaya, subukang magsimula sa simula at i-tsek ang mga ito sa pagkakasunud-sunod! Ang poster na ito ay ang ikalawa sa mga serye.

Kapootang Panlahi Tungo sa mga Komunidad ng Tsino sa Canada

Matagal nang nasa Canada ang mga Intsik. Nakaranas sila ng maraming kapootang panlahi sa buong kasaysayan nila.

1780-1860s:
Mga Unang Imigranteng Tsino
Dumating sa Canada ang mga unang Tsino. Habang marami ang naging minero at nakiisa sa gold rush, ang ilan ay nagsimula ng mga negosyo tulad ng mga restawran at laundry. Ang mga Tsino ay hindi nagkaroon ng trabaho sa pagtotroso at pagmamanupaktura dahil pinaniniwalaan na ang mga trabahong iyon ay para sa mga puting manggagawa.

1880-1885:
Pagbubuo ng Canadian Pacific Railway
Mayroong 6,500 mga taong Tsino na nagtrabaho sa pagbubuo ng Canadian Pacific Railway. Marami sa kanila ay hindi tinrato nang makatarungan. Halimbawa, sila ay binayaran ng mas mababa at binigyan ng mas mapanganib na mga trabaho kumpara sa mga puting manggagawa.

1885-1923:
Buwis sa ulo
Matapos maitayo ang riles, nadama ng pamahalaan ng Canada na hindi na nila kailangan ng mga manggagawang Tsino. Para mapigilan ang pagpasok pa sa Canada, ginawa nila ang head tax. Nangangahulugan ito na kung ikaw ay isang Tsino na papasok sa Canada, kailangan mong magbayad ng pera upang lumipat sa bansa. Kung hindi ka Tsino, hindi mo kailangang bayaran ang buwis na ito. Nagsimula ang buwis sa $50 at umabot sa $500 noong 1903, na sapat na para makabili ng dalawang bahay noon!

1923-1947:
Chinese Exclusion Act (Batas ng Pagbubukod ng Tsino)
Kahit na mayroong head tax, ang mga Tsino ay lumipat pa rin sa Canada. Bilang tugon, gumawa ang pamahalaan ng Canada ng batas na hindi pinapayagan ang mga Tsino na makapasok sa bansa. Ang batas na ito ay tinawag na Chinese Exclusion Act. Hindi naisama ng mga Intsik ang kanilang mga pamilya sa Canada sa loob ng 24 na taon. Sinaktan nito ang mga komunidad ng Tsino dahil pinananatiling magkahiwalay ang mga pamilya sa loob ng mga dekada.

1885-1947:
Karapatang bumoto
Ang unang Punong Ministro ng Canada, na si Sir John A. Macdonald, ay hindi pinahintulutan ang mga Tsino na bumoto sapagkat sa kanyang palagay sila ay mga isang naiibang uri mula sa mga Europeo. Noon lamang 1947 binigyan ng karapatang bumoto ang mga Tsino.

1947-1967:
Mga Batas sa Imigrasyon
Bagama't natapos ang Chinese Exclusion Act noong 1947, mayroon pa ring mga batas na nagpahirap sa mga Tsino at iba pang mga grupo na lumipat sa Canada. Kapag ang mga batas ay nananakit lamang ng ilang mga grupo ng mga tao, sinasabi natin na ito ay diskriminasyon.

1980s-2000s:
Estudyante sa Unibersidad
Sa pamamagitan ng media, ang mga estudyanteng Tsino ay sinisi para sa pagsasakop sa mga unibersidad ng Canada. Nakagalit ito sa maraming Tsino dahil pinaisip nito sa kanila na hindi sila kabilang sa mga paaralan. Halimbawa, ang isang sikat na channel ng balita sa Canada na tinatawag na CTV ay gumawa ng isang rasistang ulat tungkol sa isyu sa telebisyon noong 1979. Gayundin, isang Canadian magazine na tinatawag na Macleans ay nagsulat ng isang artikulo sa parehong paksa noong 2010.

2003:
Pagsiklab ng SARS
Ang SARS ay isang sakit na nakaapekto sa maraming bansa sa buong mundo. Dahil ito ay unang natuklasan sa China, maraming tao ang nagsimulang matakot sa mga mukhang Asyano dahil ipinapalagay na sila ay may sakit na SARS. Ito ay isang masakit na panahon para sa mga komunidad ng Tsino dahil sa kapootang panlahi na kanilang naranasan.

2019-Ngayon:
COVID-19 na Pandemya
Ang COVID-19 ay isang virus na naging sanhi ng pagkakasakit ng maraming tao sa buong mundo. Habang ang ilan ay gumaling, ang iba ay nanatiling may sakit o hindi nakaligtas. Ang unang kaso ng COVID-19 ay iniulat sa Wuhan, isang lungsod sa China. Nang lumaon ay natuklasan na may ilang higit pang mga kaso sa buong mundo.

Ang mga taong Tsino at mga mukhang Asyano ay sinisisi sa pagkakalat ng virus.

Narito kung paano nagdudulot ng pinsala sa komunidad ang paggamit ng ilang mga salita at mga ideya...

Salita o Ideya	Bakit Ito Nakapipinsala
China virus, Chinese coronavirus, Wuhan virus, Kung Flu	Ang mga salitang ito ay rasista at nilalagay ang sisi sa isang buong grupo ng mga tao. Ang isang virus ay walang lahi o etnisidad. Kahit sino ay maaaring magkasakit sa virus.
Mga Palengke	Ito ay mga palengke na nagbebenta ng sariwang karne, isda, ani at iba pang mga kalakal. Bahagi sila ng mga kultura sa ilang lugar ng Tsina at iba pang lugar sa mundo. Dahil lamang sa hindi ka pamilyar sa ibang kultura ay hindi nangangahulugan na maaari mo silang tingnan nang mababa. Rasistang isipin ang mga tao bilang marumi o may sakit dahil sa kanilang pagkain at pamumuhay.

Mga Epekto ng COVID-19 na Kapootang Panlahi

Ang mga ideyang ito ay nagpataas ng kapootang panlahi sa mga taong Asyano. Madalas itong nangyayari sa mga lansangan, sa mga tindahan ng groseri at sa pampublikong transportasyon

Kapag nag-iisip ang isang tao na ang isang tao ay may sakit dahil sa kanilang lahi, ito ay nakakasakit sa taong iyon. Hindi makatarungang ipagpalagay na ang lahat ng nagmula sa isang pangkat ng lahi ay nahawaan ng virus.

Ito ay indibidwal na kapootang panlahi kapag ang isang tao ay:

- Nagsasabi na ikaw ay mayroong virus.
- Lumalayo sa iyo o tumitingin sa iyo nang may pagkasuklam kapag ikaw ay umuubo.
- Nagagalit sa iyo dahil sa paniniwala nila ay kasalanan mo kaya kailangan nilang magsuot ng mga maskara.

Ito ay sistemikong kapootang panlahi kapag ang mga tao ay:

- Humintong kumain ng pagkaing Intsek o Asyano dahil maaaring magsanhi ito ng sakit sa kanila ng virus.
- Lumayo sa mga negosyo ng Tsino at Asyano.
- Mas gusto ang mga doktor o nars na hindi Tsino o Asyano.

Maraming Tsino at Asyanong mga tao sa buong Canada ang nagbahagi ng kanilang mga karanasan kung paano nagdudulot ng kapootang panlahi ang COVID-19 na pandemya. Narito ang ilan lamang sa kanila:

"Lumapit sa akin ang isang lalaki at sinabing, 'Dapat kang bumalik sa pinanggalingan mo na kasama ng iyong virus,' at dinuraan niya ang aking mga paa at umalis na parang walang nangyari...Hindi ako makapaniwala na may nangyayaring ganoon sa akin sa sandaling ito. Nagulat ako."

Adam Gagnon sa isang grocery store sa Montreal, Quebec

"Noong unang bahagi ng Pebrero bago magsara ang mga paaralan, sinabi sa akin ng anak kong lalaki ang tungkol sa isang bagay na bumabagabag sa kanya sa paaralan. Sinabi sa kanya ng kanyang kaklase na mayroon siyang coronavirus dahil siya ay Tsino at ang mga taong Tsino ay kumakain ng paniki. Karaniwang madaldal si Mason pero nahirapan siyang sabihin sa akin ito...sa tingin ko ay napahiya yata siya. Kapag bumabalik sila sa paaralan, nag-aalala ako na ang ibang mga bata ay magkomento sa aking mga anak na lalaki na magpapasama ng kanilang kalooban tungkol sa pagiging Intsik."

Rachel Chen mula sa Caledon, Ontario

"May dalawang batang Caucasian na nakasakay sa mga bisikleta, at sumigaw sila ng mga bagay tulad ng 'ching chong' at 'konnichiwa'. Nang harapin ko sila, ang isa sa kanila ay umikot sa likod at nagsimulang bumahing ng ilang beses sa harap ko, at pagkatapos ay nagsabi ng 'coronavirus' bago nagbisikletang palayo. Napakasakit lang na makita na ito ay nagmula sa isang taong napakabata at sa aking komunidad. Sa tingin ko, ang pasalitang panliligalig at pagtawag ng pangalan ay may bigat pa rin dito at maaaring magdulot ng malaking pinsala, dahil habang mas naririnig mo ito sa buong buhay mo...pinatitibay nito ang ideya na 'hindi ako kabilang dito'."

Amanda Poh in Vancouver, British Columbia

Para sa higit pang mga kuwento, bisitahin ang Chinese Canadian National Council for Social Justice sa ccncsj.ca.

Pagtugon sa COVID-19 na Kapootang Panlahi

Kung ikaw o ang isang taong kilala mo ay nakakita o nakarinig ng isang gawain ng kapootang panlahi na may kaugnayan sa COVID-19, sabihin sa isang guro o ibang nasa hustong gulang na pinagkakatiwalaan mo. Kung komportable kang iulat ito, maaari mong bisitahin ang Fight COVID Racism sa covidracism.ca.

Parehong mahalaga na magkaroon ng kamalayan sa kapootang panlahi na hindi kaugnay sa COVID-19. Sa susunod na mga seksyon, malalaman natin ang tungkol sa epekto ng kapootang panlahi sa mga komunidad ng Itim at Katutubo.

Ang serye ng pag-aaral na ito ay ginawa ng mga guro na mayroong suporta ng mga mag-aaral, mga pamilya, mga organisasyon at mga miyembro mula sa mga komunidad ng Katutubo, Itim at Tsino.

Para sa higit pang mapagkukunan ng mag-aaral, bisitahin ang ccncsj.ca/further-learning.
Para sa mga pagsipi, bisitahin ang ccncsj.ca/infographics. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ccncsj.ca.

PCHC MUSEUM OF MIGRATION

Funded by the Government of Canada
Financé par le gouvernement du Canada | Canada

CCNC-SJ 2021